Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HUNYO 29, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO

Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 13-T2009**

**KAUTUSANG MULING INUURI ANG MGA LUPANG SAKAHANG MAY SUKAT NA 11,422 METRO-KUWADRADO AT 22,728 METRO-KUWADRADO NA PAG-AARI NI GNG. ELSA P. DE LUNA NA PAREHONG MATATAGPUAN SA BARANGAY CALIOS, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** may kahilingan si Gng. Elsa P. de Luna na muling mauri ang mga lupang sakahang may sukat na 11,442 metro-kuwadrado at 22,728 metro-kuwadrado na parehong matatagpuan sa Barangay Calios;

**SAPAGKA'T**, ang naturang kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa para sa pag-aaral, pagsusuri sa mga kaukulang papeles at ocular inspection;

**SAPAGKA'T,** nagkaroon din ng public hearing na ginanap sa Bahay Pulungan ng Samahan ng Lupang Pangako sa mga mamamayang nakatira malapit sa nasabing lugar;

**SAPAGKA'T,** matapos na maisagawa ang mga ito at makasunod sa paghahain at pagkukumpleto ng mga papeles na hinihingi ng kaukulang tanggapan upang muling mauri ang nasabing lupa ay inirekomenda ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Romulo A. Elca at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

**SEKSYON 1-** Muling mauri (reclassify) ang mga lupang sakahang may sukat na 11,442 metro-kuwadrado at 22,728 metro-kuwadrado na pag-aari ni Gng. Elsa P. de Luna na parehong matatagpuan sa Barangay Calios, Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 2 -** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero, Pambayang Tagataya, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Gng. Elsa de Luna, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

karugtong ng Kautusan Blg. 13-T2009



| | |
|---|---|
| **LOUIE C. DE LEON**<br>Kagawad | **RAMON D. TAN**<br>Kagawad |
| **JUN M. ASINAS**<br>Kagawad | **ROMULO A. ELCA**<br>Kagawad |
| **LAURA P. OBLIGACION**<br>Kagawad | **ROSELON F. PAMATMAT**<br>Kagawad |
| **ANGELITO U. LIMJUCO**<br>Kagawad | **OSCAR F. FELICIANO**<br>Kagawad |

NAGPATOTOO:

alan J. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan